

Matiyagang Pagdarasal

(Pambungad na Panalangin)

I. ANG TATLONG PAGBASA

UNANG PAGBASA (Ex 17:8-13)

Amalecita laban sa mga Israelita

⁸NOONG mga araw na iyon, ang mga Israelita’y nasa Refidim at sinalakay sila ng mga Amalecita.

Utos ni Moises kay Josue

⁹Sinabi ni Moises kay Josue, “Pumili ka ng ilang tauhan natin at pangunahan mo sa pakikipaglaban sa mga Amalecita. Tatangnan ko naman ang tungkod na ibinigay sa akin ng Diyos at ako’y tatayo sa ibabaw ng burol.”

Naganap ang Utos

¹⁰Sinunod ni Josue ang utos ni Moises at hinarap niya ang mga Amalecita. Si Moises naman, kasama sina Aaron at Hur ay nagpunta sa burol.

Pagtaas (Panalo) at Pagbababa (Talo) ng Kamay

¹¹Kapag nakataas ang mga kamay ni Moises, nananalo ang mga Israelita; kapag nakababa, nananalo naman ang mga Amalecita.

¹²Nangawit na si Moises kaya sina Aaron at Hur ay kumuha ng isang bato at pinaupo roon si Moises habang hawak nilang pataas ang mga kamay nito hanggang sa lumubog ang araw.

Nalupig ng mga Israelita ang mga Amalecita

¹³Dahil doo’y nalupig ni Josue ang mga Amalecita.

Tema: Napagod si Moises

PAGPAPALIWANAG

• Patungo ng bundok ng Sinai, nakasalubong ng



mga Israelita ang mga Amalecita. Sila ang mga mababagsik sa disyerto na sumubok wasakin ang Israel, mga taong gustong manghimasok mula sa kanilang mga pananaw.

- Sa b.9, si Moises at Josue ay naging mandirigma. Gumawa si Moises ng estratehiya. Si Josue ang lumaban sa mga Amalecita, at si Moises ay nagsilbi bilang inspirasyon (habang nasa tuktok ng bundok).
- Sa b. 10 naganap ang nakasaad sa b.9
- B. 11 ay nagsasabi sa atin ng bagay na hindi karaniwan (nakakatawa). Nakataas ang kamay = Tagumpay ang Israel, Natalo ang mga Amalecita. Nakababa ang kamay = Tagumpay ng Amalecita, natalo ang mga Israelita.
- Ano ang koneksyon ng dalawang posisyon ng mga kamay sa resulta ng digmaan?
- Nararapat na tanggapin natin ang nakasaad sa texto.
- Isang mahalagang obserbasyon ang b. 2: nangawit si Moises.
- Mayroon dapat lunas dito.
- Si Aaron at Hur ang sumuporta sa kanyang mga kamay hanggang sa paglubog ng araw.
- Resulta: Nagtagumpay ang mga Israelita laban sa mga Amalecita.

PAGNINILAY

Ang tagpuan ng pagbasang ito ay digmaan. Isinasaad nito kung paano nanalo ang Israel sa

digmaan.

Kailangan natin ng mga taong susuporta sa mga paghihirap ng ating buhay.

SALMONG TUGUNAN (Slm 120)

**SA PANGALAN NG MAYKAPAL TAYO AY
TINUTULUNGAN.**

IKALAWANG PAGBASA (2Tim 3:14-4:2)

Unang Utos

¹⁴PINAKAMAMAHAL KO, huwag mong tatalikdan ang mga aral na natutuhan mo at matibay na pinananaligan, yamang kilala mo ang nagturo nito sa iyo. ¹⁵Mula pa sa pagkabata, alam mo nang ang Banal na Kasulatan ay nagtuturo ng daan ng kaligtasan sa pamamagitan ng pananalig kay Kristo Hesus. ¹⁶Lahat ng kasulata’y kinasihan ng Diyos at magagamit sa pagtuturo ng katotohanan, sa pagpapabulaan sa maling aral, sa pagtutuwid sa likong gawain, at sa pag-akay sa matuwid na pamumuhay. ¹⁷Sa gayon, ang lingkod ng Diyos ay magiging handa sa lahat ng mabubuting gawain.

Ikalawang Utos

⁴Inuutusan kita sa ngalan ng Diyos at ni Kristo Hesus na hahatol sa mga buhay at mga patay: alang-alang sa kanyang pagparito at paghahari, ²ipangaral mo ang salita ng Diyos, napapanahon man o hindi; hikayatin mo, pagsabihan, at patatagin ang loob ng mga tao sa pamamagitan ng matiyagang pagtuturo.

Tema: Manatiling Tapat

PAGPAPALIWANAG

• Sa b. 14, ipinapahayag ang unang utos ni Pablo kay Timoteo. “Manatiling matapat” Sa ano? Sa mga bagay na ating natutunan at pinaniniwalaan. Sa mga bagay na nalaman mo mula noong bata ka pa. (b. 15): Ang Banal na Kasulatan (LT) ay nagbibigay ng karunungan para sa kaligtasan.

- Sa b. 16 sinasabi kung ano ang patungkol sa Banal na Kasulatan: masigla, magagamit sa pagtuturo, pabulaanan, pagtatama, pagsusubok sa pagkakatuwiran, at manatili sa paggawa ng mabuti.
- Sa 4:1-2 ipinapahayag ang mga utos: ipalaganap ang salita, maging matiyaga, kumbinsido, makapagsabi at magkumbinsi.

PAGNINILAY

Pinapaalalahanan ni Pablo si Timoteo na manatiling matapat sa Banal na Kasulatan.

Bilang mga Kristiyano, nararapat na bigyan natin ng kahalagahan ang Banal na Kasulatan, ang Salita ng Diyos. Tulad ni Timoteo, manatili nawa tayong matapat sa Bibliya.

MABUTING BALITA (Lc 18:1-8)

Turo na Palaging Manalangin

NOONG panahong iyon, 'isinaysay ni Hesus ang isang talinghaga upang ituro sa mga alagad na dapat silang manalanging lagi at huwag manghinawa.

Hukom na Walang Takot sa Diyos

²“Sa isang lunsod,” wika niya, “may isang hukom na hindi natatakot sa Diyos at walang taong iginagalang. ³Sa lunsod ding iyon ay may isang babaing balo na punta nang punta sa hukom at humihingi ng katarungan.

Matiyaga na Tumatanggi

⁴Tinanggihan siya ng hukom sa loob ng ilang panahon. Ngunit nang malaunan ay nasabi nito sa sarili: ‘Bagamat hindi ako natatakot sa Diyos ni gumagalang kaninuman,

Matiyaga na Humihingi

⁵igagawad ko na ang katarungang hinihingi ng babaing ito sapagkat lagi niya akong ginagambala—baka pa ako mainis sa kapaparito niya.”

Nakinig ang Hukom

⁶At sinabi ng Panginoon, “Narinig ninyo

ang sinabi ng masamang hukom.

Makinig ang Diyos sa kanyang Hinirang

⁷Hindi ipagkakait ng Diyos ang katarungan sa kanyang mga hinirang na dumaraing sa kanya araw-gabi, bagamat tila nagtatagal iyon.

⁸Sinasabi ko sa inyo, agad niyang igagawad sa kanila ang katarungan.

Walang Hangganang Pananampalataya

Ngunit pagdating ng Anak ng Tao sa daigdig na ito, may makikita kaya siyang mga taong nananalig sa kanya?"

Tema: Nagpupunyaging Panalangin

PAGNINILAY

- Ang Ebanghelyo ni Lucas ay Ebanghelyo ng mga panalangin.
- Mas maraming mga turo tungkol sa panalangin si Lucas kaysa sa ibang mga Ebanghelista.
- Sa b. 1, tinuruan ni Hesus ang kanyang mga disipulo na magdasal palagi (matiyagang nagdarasal, walang kapaguran).
- Ang Talinhaga ng Masamang Hukom at ng Matiyagang Biyuda ay may kaugnayan sa mga turo ni Hesus tungkol sa matiyagang pagdarasal.
- Ang talinhaga ay nagpapakita ng dalawang karakter: Ang Biyuda at ang Hukom.
- Ang hukom ay walang takot sa Diyos at walang iginagalang na tao (b. 2).
- Ang biyuda ay matiyaga sa pagpunta sa hukom upang bigyan siya ng nararapat na hustisya (b.3)
- Sa b.4, ang hukom ay nagbigay sa biyuda ang hinihinging katarungan. Ang kanyang dahilan ay makikita sa ibinigay na paglalarawan sa (b.2).
- Sa b.5 ipinapahayag ang negatibong paraan ng ideya ng pagiging matiyaga.
- Ang pagiging matiyaga ang nagtulak sa hukom na magkaroon ng makatarungang desisyon (pabor sa biyuda).
- Sa b.6 nagsalita ang Panginoon sa sinabi ng hukom. Katulad ng damdaming iyon, hindi

mabagal ang Diyos na making sa panalangin ng mga taong palaging nagdarasal, umaga at gabi (b.7).

- Sa b. 8, sinisigurado tayo sa malayang pagtugon ng Diyos.
- Sa b. 8b nagbabadya ng katanungang nagbibigay ng kahulugan.

PAGNINILAY

Sa Mabuting Balita tinuturuan tayong maging matiyaga sa panalangin.

Ang teksto ng Ebanghelyo ay gumagamit ng lahat ng uri ng salita upang hikayatin tayo ng walang kapaguran at alinlangan.

II. PAG-UUGNAY

Sa Unang Pagbasa ay hinihikayat tayong iwasang mapagod (maging matiyaga) sa paggawa sa gawain ng Diyos.

Sa Ikalawang Pagbasa ay hinihikayat tayong manatiling tapat (maging matiyaga) sa kanya.

Sa Ebanghelyo hinihikayat tayong maging matiyaga sa panalangin.

Walang sinuman ang maaaring mapagod sa pagdarasal.

Walang Kristiyano ang dapat tumigil at huminto sa pagdarasal.

III. SALAMIN NG BUHAY

1. Ang tanong na maaring ipupukol sa atin ay: paano ba tayo magiging kapwa tao ng ating mga kakilala at kapitbahay?

Pagpapaliwanag: **Fr. Cielo Almazan, OFM**

Isinalin ni Jomar Redubla

(Pangwakas na Panalangin)